# Mga Benepisyo ng Digitisasyon ng isang Wika

TRANSLATION COMMONS

2022-2032 | INTERNATIONAL DECADE OF Indigenous Languages

# Mga Benepisyo ng Digitisasyon ng isang Wika

Umaasa kami na mag-aalok ng isang malinaw na daan tungo sa digitisasyon para sa sinumang interesadong komunidad ng wika ang serye ng mga alituntunin ng Zero to Digital kung gusto nilang tamasahin ang buong kakayahan ng computer sa kanilang katutubong wika.

Nakadepende sa mga layunin ng komunidad na nagsasalita nito ang mga benepisyo sa pagsasalin ng isang wika sa digital na anyo. Maaaring kabilang dito ang pagdiriwang sa kagandahan ng wika, pagpapanatili ng mga sistema ng kaalaman, pagpapalaganap ng mga pagpapahalaga, paglikha ng mga app at mga produkto, pagbabahagi ng mga kuwento at kasaysayan, pagpapadali sa pangangasiwa ng kapaligiran at pamumuno sa pag-iisip, at pagpapalawak ng kalakalan, edukasyon, trabaho, panlibangan, kalusugan, at kaligtasan. Binibigyang-daan ng digitisasyon ang isang komunidad na magkaroon ang sarili nito ng isang patuloy na lumalawak na hanay ng mga tool na nakabatay sa computer para sa pagpapanatili ng wika, muling pagpapasigla, at edukasyon. Maaaring makatulong ang malakas na digital na presensya online at, samakatuwid, tumaas ang visibility upang maimpluwensiyahan ang mga patakaran ng gobyerno sa pagsuporta sa mga katutubong komunidad at tip sa mga negosyo patungo sa pagiging kabilang. Dahil sa ubiquity ng mga smartphone sa mga kabataan, maaaring maging natural na pamamaraan ang digitisasyon para makipag-ugnayan sila sa kanilang katutubong wika. Maaari ring humantong ang mas malawak na pagkakalantad sa pamamagitan ng mga digital na platform sa mas maraming oportunidad at mga pangangailangan para sa mga Katutubongnagsasalita.

Kapag nahanap ng mga komunidad ng wika ang kanilang lugar sa pandaigdigang entablado sa pamamagitan ng mga digital na platform, makikinabang dito ang mas malawak na mundo. Magiging isang mahalagang ambag ang kanilang mga karanasan, kaalaman, at natatanging mga pandaigdigang pananaw sa ibang bahagi ng mundo, at maaaring magdala ng mga bagong solusyon sa mga pandaigdigang suliranin ang mga kahihinatnang synergy. Pinangagasiwaan ng digitisasyon ang pagpapanatili at paglalathala ng impormasyon na ito, upang magamit sa mundo ang lawak at kalikasan ng

wika ng tao at mapanatili para sa kapakinabangan ng sangkatauhan sa mga paraan na hindi pa natin mahuhulaan.

Para ibuod, ang ilan sa mga benepisyo na makukuha sa digitisasyon ng wika ay:

- Hayaan ang mga monolingual na tagapagsalita na madaling ma-access, lumikha, at makipagpalitan ng nilalaman sa katutubong wika, kasama na ang malalayong distansya, at para sa mga indibidwal o malaking grupo.
- Dagdagan ang access sa mga impormasyong medikal at pangangalaga sa kalusugan.
- Suportahan ang mga nagliligtas ng buhay na mga komunikasyong pang-emergency at sakuna.
- Palawigin pareho ang lokal at e-commerce.
- Lumikha ng mga bagong pamamaraan para sa pagbabahagi ng sining, pamumuno ng kaisipan, at mga pilosopiya.
- Paunlarin ang mga pang-edukasyong materyal ng mga katutubong wika.
- Pagbutihin ang mga relasyon at pakikipag-ugnayan sa mga kapitbahay.
- Pagbutihin ang paglutas ng hindi pagkakaunawaan.
- Paganahin ang adbokasiya at access sa mga legal at mga pampamahalaang pamamaraan sa katutubong wika.
- Dagdagan ang access sa impormasyon sa Internet para sa edukasyon, komersyo, at pakikilahok, ito man ay sa katutubong wika o sa ibang mga wika habang umuunlad ang mga tool sa pagsasalin.
- Dalhin ang pagkilala sa katutubong wika, kultura, at karunungan sa iba.
- Palawigin ang mga tungkulin at kakayahan upang makita ang mga Katutubong komunidad sa buong mundo.
- Hayaan ang mga marginalized at minoritized na mga grupo na panatalihin o muling pasiglahin ang kanilang wika kahit na sinakop ng mas dominanteng mga grupo.
- Ingatan ang mga katutubong sistema ng kaalaman, kultura, kasaysayan, sining, medisina, karunungan, mga pagpapahalaga, at pandaigdigang pananaw.